# Livelihood center para sa matatanda

Balita · 14 Jul 2019 · 3 · Bert de Guzman

Ipinapanukala ang paglikha ng Senior Citizens Technology and Livelihood Center (SCTLC) sa bawat barangay upang mahikayat at mapasigla ang mga nakatatanda na kumilos para sa lipunan.

Naghain si Quezon City Rep. Precious Hipolito-Castelo ng House Bill 1347 na layuning pag-ibayuhin ang pagsisikap at kontribusyon ng mga senior citizens sa nation-building.

Itinatadhana na ang Department of Social Welfare and Development (DSWD), sa pakikipagtulungan sa mga pamahalaang lokal, ang magtatatag ng SCTLC sa bawat barangay.